



Ang Lungsod ay naghahangad ng mga aplikasyon para sa Compliance Audit Committee

BRAMPTON, ON (Hunyo 3, 2022) – Ang Lungsod ng Brampton ay naghahangad ng mga aplikasyon mula sa mga mamamayan na interesado sa paglilingkod sa Compliance Audit Committee ng Lungsod.

Sa ilalim ng *Municipal Elections Act, 1996*, ikukunsidera ng Committee ang mga aplikasyon mula sa kwalipikadong mga tagahalal na naniniwala, sa makatwirang mga basehan, na ang isang kandidato sa halalan ng munisipalidad o rehistradong tagalathalang third party ay lumabag sa isang probisyon ng Batas (Act) kaugnay ng mga pananalapi sa kampanya. Ang Committee ay bubuuhin ng pinakamababa tatlo at hanggang pitong kasapi. Ang termino ng tanggapan ay alinsunod sa kasunod na Termino ng Konseho mula Nobyembre 15, 2022, hanggang Nobyembre 14, 2026.

Mga Hinihingi sa Pagiging Kwalipikado ng Aplikante

Ang mga aplikante ay dapat mga propesyonal na naninirahan o nagtatrabaho sa Brampton. Bukod pa, ang Lungsod ay naghahanap ng mga aplikante na may karanasan sa accounting, auditing, public administration at/o batas. Ang mga aplikante ay dapat:

- Nagpamalas ng kaalaman at pang-unawa sa mga halalan ng munisipalidad, kabilang ang mga tuntunin sa pananalapi sa kampanya ng *Municipal Elections Act*
- May napatunayang mga skill na analitikal at sa pagdedesisyon
- May karanasan sa pagtatrabaho sa mga committee, task force o katulad na mga setting
- Nagpamalas ng kaalaman sa quasi-judicial proceedings
- Available at handang dumalo sa mga miting sa mga oras sa umaga at gabi
- Napakagaling na mga skill sa pasalita at pasulat na komunikasyon

Mga Indibidwal na Kwalipikadong Mag-aplay

Ayon sa *Municipal Elections Act*, ang sumusunod na mga tao ay hindi kwalipikado para sa appointment sa Committee:

- Ang mga empleyado ng Lungsod ng Brampton o mga school board sa loob ng lungsod
- Mga miyembro ng Konseho ng Lungsod ng Brampton o mga lokal na board
- Mga kandidato sa halalan para kanino itinatag ang committee
- Mga rehistradong third party sa munisipalidad sa halalan para kanino itinatag ang committee

Ang mga form ng aplikasyon at mga resume ay kailangang isumite sa Tanggapin ng Klerk ng Lungsod bago lumipas ang Lunes, Hunyo 13, 2022, sa 4:30 pm.



Ang Selection Committee ay mag-iinterbyu sa mga aplikante at gagawa ng mga rekomendasyon sa appointment sa Konseho ng Lungsod. Ang kwalipikadong mga aplikante ay isa-isang kokontakin para kumpirmahin ang petsa at oras ng interbyu. Gagawin ang mga appointment ng Konseho ng Lungsod bago lumipas ang Oktubre 1, 2022.

-30-

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca